



Apat na taon na ang nakalilipas ng maganap ang napakalakas na lindol sa Silangang parte ng Hapon at ang aksidenteng naganap sa Planta ng Daiichi Nukleyar noong ika labing-isa ng Marso ang bawat lugar sa prefektura ng Fukushima ay nag –alay ng pag gunita sa mga pumanaw at naging biktima ng sakuna. Noong Marso uno ang Joban highway ay binuksan at ang 「Kampanyang Destinasyon sa Fukushima」 ay isasagawa naman sa buwan ng Abril. Ang programa para sa pag bangon ay patuloy pa ring isinasagawa. Ngunit sa ibang banda, ang suliranin tungkol sa pagsasagawa ng tangke ng tubig at pansamantalang paninirahan ay wala paring ipinagbabago.

Sa Pandaigdigang Asosasyon Fukushima (FIA), ay gumawa ng libreng pahayagan tulad ng Gyro, edisyon para sa sakuna at ang Haway Kamay matapos maganap ang malakas na lindol. Para ipaabot at ipaalam sa mga mamamayan ang kasalukuyang kalagayan ng Fukushima, ang mga aktibidadis na isinasagawa ng asosasyon at ang tinig ng mga dayuhang naninirahan dito.

※Puwede po ninyong idown load sa wikang Hapon, Intsik, Tagalog, Portuguese, at Koreano sa homepage ng FIA.



Senaryo sa Fukushima

Ang revitalization shopping district Toyo-Marche ay binuksan

Noong Enero, ang “Revitalization shopping district Toyo-Marche ay magbukas ng apat na tindahan tulad ng kainan at pamilihan ng isda sa lugar ng Iwaki Taira Toyoma. Ang Toyoma ay isa sa mga lugar na nakadanas ng malaking pininsala dulot ng tsunami matapos maganap ang malakas na lindol.

Ang pamamaraan para manumbalik ang normal na takbo ng pamumuhay at ang pag aayos ng dibisyon ng lugar ay malubay na isinasagawa, ang kublihang pampubliko ay isinagawa noong Oktobre.

Makalipas ang tatlo at kalahating taon ng maganap ang sakuna, maraming mga tao ang bumalik sa Toyoma at bumisita sa Toyo-Marche. Ang estudyante ng Unibersidad ng Fukushima ay gumawa ng booklet at pinangalanan ng Mapa ng Toyo, naka tala dito ang mga espeyal na produkto ng prepektura at ang mga plano ng pamamaraan para maibalik ang normal na pamumuhay ay naging isang lokal na panawagan na kahikahikayat.



Ang pagpapakita ng kakayahan kung ano ang natutunan sa pag-aaral ng wikang Hapon

Ang paliksahan sa pananalita ng wikang Hapon ay isinagawa noong ika-19 ng Pebrero sa tulong at paglilingkod ng Fukushima Japanese Academy. Ng maganap ang sakuna, ang bilang ng mga estudyante ay bumaba hanggang sa umabot na maging 10ng katao na lang. Ngunit paunti-unting dumadami at ngayon ay umabot hanggang 95 ang mga estudyante.

Ang paliksahang ito ay gumaganap taon- taon. Ngayong taon ay labing- anim (16) na mga estudyante ang nag silahok buhat sa bansang Nepal, Intsik at Vietnam. Sa wikang Hapon ay ipinahayag nila ang tungkol sa pamumuhay nila dito sa bansang Hapon, ang pamumuhay ng kanilang mga pamilya at ang tungkol kultura ng kanilang bansa. Karamihan sa kanila ay sinuot ng kani-kanilang pantradisyonal na kasuotan na ikinainam ng takbo ng paliksahan pati na ng lugar.

